Pahintulot na Ilabas ang Impormasyon
Sistema ng Impormasyon sa Pamamahala ng Kawalan ng Tirahan

LAYUNIN

Ang Sistema ng Impormasyon sa Pamamahala ng Kawalan ng Tirahan (Homeless Management Information System, HMIS) ng County ng Solano ay isang ibinabahaging tipunan ng mga datos na nagtitipon ng impormasyon tungkol sa iyo para sa layuning tasahin ang iyong mga pangangailangan para sa pabahay, medikal, pagtatrabaho, at ibang mga serbisyo.

Ang HMIS ay pinangangasiwaan ng CAP Solano JPA sa pamamagitan ng isang HMIS Lead sa ngalan ng Pagpapatuloy ng Pangangalaga (Continuum of Care, CoC) ng Housing First Solano. Ang mga lisensiyadong gumagamit mula sa mga awtorisadong di-nagtutubong organisasyon at mga ahensiya ng pamahalaan (Mga Partner na Ahensiya) ay magkakaroon ng akses sa iyong impormasyon. Ang mga bagong ahensiyang sumama sa CoC ay magkakaroon lamang ng akses sa iyong impormasyon pagkatapos nilang sumang-ayon sa mga tadhana ng pagkakompidensiyal ng kasunduan ng HMIS at tumanggap ng pagsasanay upang wastong magamit ang tipunan ng mga datos. Ang impormasyong natipon sa pamamagitan ng HMIS ay hindi ilalabas sa mga hindi awtorisadong tao o organisasyon kung walang pahintulot mo maliban kung napapailalim sa isang ayon sa batas na paghiling ng impormasyon.

Ang iyong impormasyon ay pinoprotektahan sa pamamagitan ng paglimita sa mga karapatan sa pag-akses sa HMIS at sa paglimita sa mga partido na maaaring paglabasan ng impormasyon, bilang pagsunod sa Pederal, Pang-estado, at mga Lokal na regulasyon. Ang bawat tao o ahensiya na may mga karapatan sa pag-akses sa HMIS o sa pinaglalabasan ng impormasyon, ay dapat pumirma sa isang kasunduan upang panatilihin ang seguridad at pagkakompidensiyal ng impormasyon ng kliyente. Sa sandaling magkaroon ng anumang paglabag sa kasunduan, ang mga karapatan sa pag-akses ay maaaring tapusin, at ang tao o ahensiyang ipinasiyang lumabag sa kasunduan ay maaaring sumailalim sa higit pang mga parusa.

Kung ikaw ay kasalukuyang umiiwas mula sa karahasan sa tahanan, may karapatan kang mag-access ng mga partikular na mapagkukunan para sa mga nakaligtas. Ang mga programang ito ay hindi nangongolekta ng data sa Solano County HMIS. May karapatan kang tumangging ibahagi ang iyong mga datos sa HMIS. Habang hindi ka maaaring pagkaitan ng mga serbisyo batay sa isang pagtangging sumang-ayon na lumahok sa HMIS, kung wala ang iyong mga datos, maaaring maging mas mahirap na ikonekta ka sa mga angkop na serbisyo.

PAGLABAS NG KLIYENTE

Binibigyan ko ng awtorisasyon ang HMIS Lead, ang CoC, ang mga Partner na Ahensiya, at kanilang mga awtorisadong ahente at kinatawan na magtipon, na gamitin, at magbahagi ng nakalipas at kasalukuyang impormasyon tungkol sa akin para sa layuning magkaloob sa akin ng mga serbisyong pabahay, medikal, at/o pagtatrabaho na magpapataas ng aking katatagan sa pabahay at kalayaang pangkabuhayan. Naiintindihan ko na ang HMIS ay isang ibinabahaging tipunan ng mga datos na idinisenyo upang tulungan ang mga Partner na Ahensiya na mas epektibong maglingkod sa kanilang mga kliyente, at na ang aking impormasyon ay ibabahagi sa mga awtorisadong Partner na Ahensiya.

Naiintindihan ko na ang mga karagdagang ahensiya ay maaaring sumama sa HMIS at magkakaroon din ng akses sa aking personal na impormasyon. Hanggang ang aking permiso sa paglabas/pagbahagi ay namamalaging may bisa, ang aking Nagkakaloob na Ahensiya ay dapat magbigay sa akin ng isang kopya ng lahat ng aking impormasyon sa HMIS at/o isang listahan ng mga kasalukuhang Partner na Ahensiya ng HMIS kapag hiniling.

Tintanggap ko na ang impormasyon na maaaring tipunin ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, aking pangalan, numero ng Social Security, petsa ng kapanganakan, kasarian, etnisidad at lahi, katayuang marital at pampamilya, mga relasyon sa sambahayan, mga numero ng telepono, at tirahan o ibang mga nagpapakilalang impormasyon.

Ang ilang impormasyong natipon tungkol sa akin ay maaaring ituring na pinoprotektahang personal na impormasyon (PPI) at pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan (PHI) sa ilalim ng Batas sa Pagiging Mailipat at Pananagutan ng Segurong Pangkalusugan (Health Insurance Portability and Accountability Act, HIPAA), kinabibilangan ng pero hindi limitado sa: impormasyong medikal, impormasyong may kaugnayan sa

HIV/AIDS, impormasyon sa kalusugan ng isip, at impormasyong may kinalaman sa karahasan sa tahanan. Kung ang impormasyong natipon ay saklaw ng HIPAA, ipinahihintulot ko ang pagtitipon, paggamit, at pagbahagi ng impormasyon tungkol sa akin sa mga awtorisadong Partner na Ahensiya at ibang mga ahensiya na maaaring sumama sa HMIS. Naiintindihan ko na ang impormasyong ito ay maaaring gamitin ng mga awtorisadong partido para sa paggamot na medikal o pagkonsulta o para sa ibang mga layunin na maaari kong itagubilin.

Ipinahihintulot ko rin ang paglabas ng karagdagang impormasyon sa HMIS upang pahusayin ang paghahatid ng serbisyo:

- Impormasyon tungkol sa pananalapi at mga benepisyo, kabilang ang: katayuan sa pagtatrabaho, beripikasyon ng kita, mga pagbabayad ng pampublikong tulong o mga pagpapahintulot, mga paglalaan ng food stamp, pagsaklaw ng pangangalagang pangkalusugan, o ibang katulad na impormasyon sa pananalapi o mga benepisyo

- Impormasyon tungkol sa pabahay, kabilang ang mga isyung may kaugnayan sa kasaysayan at pabahay

- Impormasyon tungkol sa mga serbisyong ipinagkakaloob ng mga Partner na Ahensiya ng HMIS, kabilang ang: petsa, tagal, at uri ng serbisyo; at ibang mga katulad na impormasyon tungkol sa serbisyo

- Aking litrato o ibang katulad

Naiintindihan ko na ang mga awtorisadong ahente at kinatawan ng CoC, kabilang ang mga kalahok sa Pinag-ugnay na Sistema ng Pagpasok (Coordinated Entry System, CES) na pagkomperensiya sa kaso at mga pulong ng Listahan ng mga Beterano Batay sa Pangalan (By Name List, BNL), ay maaaring tumingin sa aking impormasyon sa ordinaryong kurso ng kanilang gawain.

Kinikilala ko din na ang aking impormasyon ay maaaring ibahagi sa State of California Business, Consumer Services and Housing Agency (BCSH), kasama ang mga awtorisadong ahente nito, para maisama sa Homeless Data Integration System (HDIS) ng Estado.

Itong Pahintulot na Ilabas ang Impormasyon ay magkakabisa sa petsang nakalagay sa ibaba at maaari kong pawalang-bisa ang kasunduan kahit kailan. Ang aking pagpapawalang-bisa ay hindi paiiralin sa impormasyon at mga serbisyo na naipasok na sa HMIS. Kung hindi pinawalang-bisa, ang aking awtorisasyon ay dapat na awtomatikong matapos sa katapusan ng dalawang taon.

_____	_____
Pangalan ng Kliyente (mangyaring ilimbag)	Pirma ng Kliyente
_____	_____
Tagapamahala ng Kaso	Ahensiya
_____	
Petsa	

Ako ang Magulang/Tagapangalaga ng mga sumusunod na menor na bata; ang paglabas na ito ay nauukol sa impormasyon tungkol din sa kanila:

_____	_____
_____	_____
_____	_____
_____	_____